**Title**: A Living Faith Applies the Word of Truth (part 1) – Listening, Speaking, and Wrath.

**Text**: James 1:19

"*Wherefore, my beloved brethren, let every man be swift to hear, slow to speak, slow to wrath*:"

**Pagsasalin**: Kaya nga, mga minamahal kong kapatid, ang bawat tao ay dapat maging maagap sa pakikinig at maging mahinahon sa pagsasalita at hindi madaling mapoot. (Santiago 1:19)

**Pangunahing aralin**: Sa vv.19-27, ang turo ni Pastor James (ng iglesia sa Jerusalem) ay dapat tanggapin ang salita ng Dios ng may pagpapakumbaba, at hindi lamang sa pakikinig ngunit sa buhay (kasama na rin dito ang dila) na may halong pananampalataya.

I. "***My beloved brethren***" – Ang minamahal kong kapatiran. Lahat ng New Testament ay nasusulat para sa mga minamahal na kapatiran (ng iglesia o simbahan). Si James ay pangatlong pastor ng church in Jerusalem. Saan, maliban sa church o iglesia na matututunan natin ang mga salita ng Dios? Mahalaga ang church attendance. Ito ang samahan ng "kapatiran." Makikita sa mga kaparitan ang pamumuhay ng salita ng Dios – dahil sa kapatiran inilalantad ng Dios ang Kanyang mga salita. Kaya dapat, kakaiba ang pamumuhay ng mga kapatiran – sakop rin nito ang lahat ng tao o bawat tao ("*every man*") na nasa loob ng kapatiran, lalo na ang church.

II. **Mabilis at Mabagal**:

A. Ito ay utos: "*Let*" – "dapat" na maging… Ang mga utos ng Biblia ay hindi opsyonal.

B. "*Swift to hear*" – maagap sa pakikinig; mabilis sa pakikinig. Handang makinig sa Diyos na nagsasalita sa salita ng katotohanan (see v.18). Hindi chismis (gossip) kundi ang salita ng katotohanan. (Rom. 10:14, 17; 1 Thess. 2:13; 1 Pet. 2:1-2). Kung mayroon kang nais na matutunan ang pinakaunang hakbang ay ang mainam o maayos na pakikinig.

C. "*Slow to speak*" - mahinahon o marahan o mabagal sa pagsasalita. Huwag magsalita nang padalus-dalos at mabilis sa mga bagay ng pananampalataya.

D. "*Slow to wrath*" – Impusible ang matanggal ang galit pero maari itong makontrol sa pamamagitan ng maagap o mabilis na pakikinig at mahinahon o mabagal na pagsasalita.

D.1. Huwag magalit sa nangangaral ng salita ng Dios.

D.2. Huwag magalit nang may pagkiling sa mga hindi sumasang-ayon sa iyo.

Ang mga salitang binibitaw natin sa Espiritu ng galit o poot ay hindi natin kayang isauli. Kailangan bantayan natin ang ating tainga at dila sa mga maiinit na sitwasyon.

D.3. Ang payo ng salita ng Dios patungkol sa galit o poot ng tao: Pro. 29:11; Eph. 4:26; Col. 3:8). Wala tayong Karapatan na gumamit ng galit na pananlita. Dahil ang galit na pananalita ay bahagi ng paghihiganti (Lev. 19:18; Deut. 32:35; Pro. 24:29; Rom. 12:17, 19-21; Heb. 10:30) at ang paghihiganti ay Gawain ng Dios at hindi ng tao.

**Conclusion** (Katapusan):

1. Ang tunay at buhay na pananampalataya ay tinatanggap ang salita ng katotohanan. Ito ay isang marka ng tunay at buhay na faith vs. dead faith (or demonic faith, James 2:19).
2. Ang mga church members (saved and baptized disciples) ay dapat kakaiba sa pakikinig, pananalita, at hindi madaling mapoot o mabagal sa pagkagalit.
3. Ang grasya ng Dios ay naka Jesu-Cristo na nagbigay sa atin ng Banal na Espiritu – Kaya natin sundin ito dahil kay Hesus. Ang buhay na pananampalataya ay inilalapat ang salita.